



## ***Siya'y Muling Nabuhay!***

*(Pambungad na Panalangin)*

### **I. ANG TATLONG PAGBASA**

**UNANG PAGBASA** (Gw 10:34a, 37-43)

#### ***Kerygma***

<sup>34</sup>NOONG mga araw na iyon: Nagsalita si Pedro, <sup>37</sup>“Alam ninyo ang nangyari sa buong Judea na nagsimula sa Galilea nang mangaral si Juan tungkol sa binyag.

#### ***Pagbinyag kay Hesus***

Ang sinasabi ko'y tungkol kay Hesus na taga-Nazaret. <sup>38</sup>Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang Espiritu Santo at ang kapangyarihan bilang katunayan na siya nga ang Hinirang. Sapagka't sumasakanya ang Diyos,

#### ***Ang mga gawain ni Hesus***

saanman siya pumaroon ay gumagawa siya ng kabutihan at nagpapagaling sa lahat ng pinahihirapan ng diyablo. <sup>39</sup>Saksi kami sa lahat ng ginawa niya sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem.

#### ***Ang kamatayan ni Hesus***



Gayunman, siya'y ipinako nila sa krus.

#### ***Ang Kanyang muling pagkabuhay***

<sup>40</sup>Nguni't muli siyang binuhay ng Diyos sa ikatlong araw. ***Napakita***

Napakita siya, <sup>41</sup>hindi sa lahat ng tao kundi sa amin lamang na noon pang una'y pinili na ng Diyos bilang mga saksi. Kami ang nakasama niyang kumain at uminom pagkatapos na ***siya'y muling mabuhay.***

***Atas na mangaral: kapatawaran sa mga sumasampalataya***

<sup>42</sup>Inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging Hukom ng mga buhay at mga patay. Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na bawa't mananalig sa

kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang pangalan.”

Tema: **Ang Muling Pagkabuhay ni Hesus**

### PAGPAPALIWANAG AT PAGNINILAY

- Si Pedro ay matapang sa kanyang pangangaral (*kerygma*) kung ano ang tunay na nangyari kay Hesus.
- Naging tuon ng kanyang pangangaral ang pagkatao ni Hesus (pagpapakasakit, kamatayan, at muling pagkabuhay). Unang inilad ni Pedro ang pagbibinyag kay Hesus, bilang simula ng kanyang pangangaral sa Galilea hanggang siya ay magtungo sa Herusalem, kung saan siya hinatulan ng kamatayan ngunit muling nabuhay makalipas ang tatlong araw.
- Ang mga pahayag at pangaral na ating naririnig ay kadalasang tumutukoy sa moralidad, at iba pa. At hindi na iniukol sa mga pangyayari sa buhay ni Kristo. Maraming taga-pangaral na nagpapatawa lamang kaysa ituro kung sino si Hesus. At kadalasan, ang mga taga-pakinig ay mas gusto pang may halong katatawanan ang mga aral na ipinahahayag.
- Dapat bigyang importansya ng mga taga-pakinig ang mga pagninilay na ibinabahagi ng mangangaral dahil ito ay maaring makatulong sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay. Ang mga aral at katuruan na ipinahahayag sa atin ay dapat na maglapit sa atin kay Hesus at maging katulad niya sa lahat ng bagay.
- Pakiramdam ng mga naunang disipulo ni Hesus na nasaksihan nila ang lahat ng mga pangyayari sa Kanya (mula sa pagbibinyag, pagkamatay hanggang sa muling pagkabuhay).
- Nabatid ng mga disipulo ni Hesus na kailangan nilang magpahayag at mangaral tungkol kay Kristo, taglay ang pag-asa na ang mga mananampalataya ay pagkakalooban ng kapatawaran, bagong buhay at buhay na walang hanggan.
- Hindi naging saksi ang mga disipulo ni Kristo upang magbigay saya o magpatawa para sa pansariling kapakanan.
- Taglay nila ang hangarin ni Kristong muling nabuhay.
- Ang pangangaral ay hindi biro. Ang pagiging saksi

sa muling pagkabuhay ni Kristo ay dapat maghatid ng kapatawaran (espiritual na kagalingan) at pagbabago.

- Ang mga pinahintulatang mangaral (inordinahang diakono at mangangaral) ay dapat na maging instrumento ng pagbabalik-loob sa Diyos, kapatawaran at pag-asa sa tuwing sila’y mangangaral.

### SALMONG TUGUNAN (Slm 117)

**ARAW NGAYON NG MAYKAPAL,  
MAGALAK TAYO’T MAGDIWANG.**

### IKALAWANG PAGBASA (1Cor. 5: 6b-8)

“Hindi ba ninyo alam ang kasabihang, “Napaaalsa ng kaunting lebadura ang buong masa”? <sup>7</sup>Alisin ninyo ang lumang lebadura, ang kasalanan, upang kayo’y maging malinis. Sa gayon, matutulad kayo sa isang bagong masa na walang lebadura—at ganyan nga kayo. Sapagkat naihandog na ang ating Korderong Pampaskuwa—**si Kristo**. <sup>8</sup>Kaya’t ipagdiwang natin ang Paskuwa, ngunit hindi sa pamamagitan ng tinapay na may lumang lebadura ng kasamaan at kahalayan, kundi sa pamamagitan ng tinapay na walang lebadura, sagisag ng kalinisan at katapatan.

Tema: **Korderong Pampaskuwa: si Kristo**

### PAGPAPALIWANAG

Ang lebadura ay simbolo ng isang bagay o pangyayaring nagbigay ng pagbabago ngunit sa simula pa ay hindi kasama sa orihinal na sangkap. Kaya ang kasalanan o ang kasamaan ang tinutukoy nito kasi hindi tayo nilikha na may kasalanan o masama. Lalo na ang tao, sabi ng Diyos, sa bansang mabuti.

Kaya sa ating paghati ng tinapay na walang lebadura sa ating liturhiya, ipinagdiriwang natin ang pagkatalo ng kasalanan at kamatayan pagkakaroon ng buhay na walang hanggan.

## MABUTING BALITA (Jn 20:1-9)

<sup>1</sup>MADILIM-DILIM pa nang araw ng Linggo, naparoon na si Maria Magdalena sa libingan. Naratnan niyang naalis na ang batong panakip sa pinto ng libingan. <sup>2</sup>Dahil dito, patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa alagad na mahal ni Hesus, at sinabi sa kanila, “Kinuha sa libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung saan dinala!” <sup>3</sup>Kaya’t si Pedro at ang nasabing alagad ay nagpunta sa libingan. <sup>4</sup>Kapwa sila tumakbo ngunit si Pedro’y naunahan ng kasamang alagad. <sup>5</sup>Yumuko ito at sumilip sa loob. Nakita niyang nakalagay ang mga kayong lino, nguni’t hindi siya pumasok. <sup>6</sup>Kasunod niyang dumating si Simon Pedro at tuluy-tuloy itong pumasok sa libingan. Nakita niya ang mga kayong lino, <sup>7</sup>at ang panyong ibinalot sa ulo. Hindi ito kasama ng mga kayong lino, kundi hiwalay na nakatiklop sa isang tabi. <sup>8</sup>Pumasok din ang alagad na naunang dumating; nakita niya ito at siya’y naniwala. <sup>9</sup>Hindi pa nila nauunawaan ang nasasaad sa Kasulatan, na kailangang muling mabuhay si Jesus.

Tema: **Nakita at Sumampalataya**

## PAGPAPALIWANAG

- Ang pagkawala ng katawan ni Hesus sa libingan ay nagdulot ng maraming reaksyon (pagtakbo, pagbalita at pagpunta).
- Nagdulot ito ng dalawang pangunahing interpretasyon.
- Una, patakbong pumunta kay Perdo at Juan si Maria Magdalena at nagwika, “ninakaw sa libingan ang Panginoon...” (dito’y wala pang isinaad na si Hesus ay muling nabuhay). Pangalawa, ang dalawang disipulo naman ay agad naniwala na baka si Hesus ay muling nabuhay nang makita ang telang ibinalot kay Hesus sa libingan.
- Kung tunay ngang kinuha ang katawan ni Hesus sa libingan, dapat pati na rin ang telang

ibinalot sa kanya ay wala na.

- Naiisip ng dalawang disipulo na maaring nabuhay na mag-uli si Hesus.
- Ipinakita ng ebanghelista na kanilang naunawaan ang mga nakasaad sa kasulatan na ang Kristo ay muling mabubuhay mula sa kamatayan.

## PAGNINILAY

Kung hindi dumalaw si Maria Magdalena sa libingan at hindi ibinalita ang nangyari kina Pedro at Juan, marahil ay hindi natin malalaman kung ano ang nangyari kay Hesus matapos na siya ay ilibing.

## II. PAG-UUGNAY

Ipinahayag sa Unang Pagbasa ang halos kabuuang pangyayari sa buhay ni Hesus magmula sa pagbibinyag sa kanya hanggang sa kanyang pagpapakasakit, kamatayan at muling pagkabuhay.





Sa Ikalawang Pagbasa naman ay matutunghayan natin na ang muling pagkabuhay ni Hesus ay naging daan upang ituwid ng mga Kristiyano ang kanilang pananaw sa buhay. Ang mga nabinyagan ay dapat mamuhay ng kaayaaya ayon sa pagkakakilanlan ng isang tunay na Kristiyano na muling ibinangon mula sa kasalanan.

At Isinaad naman sa Ebanghelyo kung papaano nalaman ni Maria Magdalena at nina Pedro at Juan ang tungkol sa muling pagkabuhay ni Hesus.

**-Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM**  
*Isinalin ni Mark Lawrence Fabregas*

*(Pangwakas na Panalangin)*

## Mga Bagong Libro ng ST PAULS



### PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.*

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

### PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)